| 6. clock | 6. relo/orasan |
| 7. closet | 7. aparador |
| 8. curtain | 8. kurtina |
| 9. dresser | 9. tokador |
| 10. flower vase | 10. plorerera |
| 11. mat | 11. banig |
| 12. mirror | 12. salamin |
| 13. mosquito net | 13. kulambo |
| 14. pillow | 14. unan |
| 15. pillow case | 15. punda |
| 16. radio | 16. radyo |

XLVIII. KITCHEN UTENSILS

- | | |
|-------------------------|-----------------------|
| 1. basin | 1. palanggana |
| 2. bolo | 2. itak/gulok |
| 3. bowl | 3. mangkok |
| 4. can opener | 4. abre lata/pambukas |
| 5. colander/strainer | 5. salaan |
| 6. cup | 6. tasa |
| 7. dining table | 7. lamesa |
| 8. dipper | 8. tabo |
| 9. faucet | 9. gripo |
| 10. fork | 10. tinidor |
| 11. glass | 11. baso |
| 12. kettle | 12. kaldero |
| 13. knife/kitchen knife | 13. kutsilyo |
| 14. ladle | 14. sandok |
| 15. napkin | 15. serbilyeta |
| 16. oven | 16. pugon |
| 17. pail | 17. timba/balde |
| 18. plate | 18. plato/pinggan |
| 19. saucer | 19. platito |
| 20. shredder | 20. panghadhad |
| 21. spoon | 21. kutsara |
| 22. stove | 22. kalan |
| 23. table cloth | 23. mantel |
| 24. teaspoon | 24. kutsarita |

T A G A L O G
Core Competencies

Topic: Socializing
Task 1.1: Meeting People Briefly

Competencies	Basic	Intermediate	Advanced
1. To greet			
a. formal	<p>Magandang umaga. (Good morning.)</p> <p>hapon (afternoon)</p> <p>gabi (evening)</p> <p>Kumusta po? (How are you, sir/ma'am?)</p> <p>Kumusta po kayo? (How are you, sir/ma'am?)</p> <p>Kumusta po sila? (How are you, sir/ma'am?)</p>	<p>Magandang umaga po. (Good morning, sir/ma'am.)</p> <p>hapon (afternoon)</p> <p>gabi (evening)</p>	<p>Magandang umaga po sa inyo. (Good morning, sir/ma'am.)</p> <p>hapon (afternoon)</p> <p>gabi (evening)</p> <p>Magandang umaga po (title of person's position). (Good morning, (Captain).)</p> <p>Doktor. (Doctor.)</p> <p>Ginoong Santos. (Mr. Santos.)</p> <p>Ginang Cruz. (Mrs. Cruz.)</p>
b. Informal	Kumusta? (How are you?)	Kumusta ang buhay? (How's life?)	Kumusta ba ang buhay natin? (How's life?)

Kumusta ka? (How are you?)	Kumusta ang buhay-buhay? (How's life?)	Kumusta na ang buhay natin? (How's life now?)
Saan ka galing? (Where have you been?)	Saan ka nanggaling? (Where have you been?)	
Pasaan ka? (Where are you going?)	Saan ang punta mo/natin? (Where are you going?)	
Saan ka pupunta? (Where are you going?)		

2 To respond to greetings

a. Formal	Magandang <u>umaga</u> naman. (Good morning to you, too.)	Magandang <u>umaga</u> rin po or Magandang <u>umaga</u> rin po naman. (Good morning to you, too.)	Magandang <u>umaga</u> rin (po) or Magandang <u>umaga</u> (po) naman. (Good morning to you, too.)
	hapon (afternoon)	hapon (afternoon)	hapon (afternoon)
	gabi (evening)	gabi (evening)	gabi (evening)
b. Informal	Okey lang. (Just okay/fine.)	Eto, okey lang/naman. (Well, I am just fine.)	
	Mabuti. (Fine/Good.)	Eto, buhay pa. (Well, I'm still alive.)	
		Eto, humihinga pa. (Well, I am still breathing.)	
	Sa <u>(place)</u> . (To/From _____.)	Dito sa <u>(place)</u> . (Here in _____.)	Dito lang sa <u>(name of place)</u> , sa <u>(location)</u> .
	Dito lang. (Just here.)		

56

57

	Diyan lang. (Just there.)	Diyan sa _____. (There in/at _____.)	Diyan. (There.)
	Doon lang. (Just over there.)	Doon sa _____. (There in/at _____.)	Doon. (There, yonder.)
3. To take a leave			
a. formal	Tutuloy na ako. (I'm going now.)	Tutuloy na po ako. (I'm going now, sir/ma'am.)	Tutuloy na po ako, (<u>title of person's position</u>) (<u>person's last name</u>). (I am going now _____.)
			Mayor Santos. (Mayor Santos.)
			Ginoong Santos. (Mr. Santos.)
			Ginang Cruz. (Mrs. Cruz.)
	Aalis na ako. (I'm going now.)	Aalis na po ako. (I'm going now, sir/ma'am.)	
	Mauuna na ako. (I'll go ahead.)	Mauuna na po ako. (I'll go ahead sir/ma'am.)	
b. Informal	Sige. (Bye.)	Sige, tuloy na ako. (Okay, I'm going now.)	
	Sige, babay. (Okay, bye.)	Sige, una na ko. (Okay, I'll go ahead.)	

Task 1.2 Making and responding to informal introduction

1. To state names

- | | | |
|--------------|---|---|
| a. one's own | Ako si <u>(name)</u> .
(I am _____.) | <u>(name)</u> ang pangalan ko.
(My name is _____.) |
| | | <u>_____</u> ang nickname/palayaw ko.
(My nickname is _____.) |
| b. other(s) | Siya si <u>(name)</u> .
(He/She is _____.) | <u>_____</u> ang pangalan niya.
(His/Her name is _____.) |
| | Sila sina <u>(name)</u> at <u>(name)</u> .
(They are _____ and _____.) | <u>(name)</u> at <u>(name)</u> ang pangalan nila.
(Their names are _____ and _____.) |

2. To ask someone's name

- | | | |
|---|---|--|
| Anong pangalan mo?
(What's your name?) | Anong "nickname" mo? or
Anong palayaw mo?
(What's your nickname?) | Anong tawag sa iyo?
(How are you called? or
How do others call you?) |
|---|---|--|

3. To ask about personal information

- | | | | |
|--------------------|---|--|--|
| a. age | Ilang taon ka (na)?
(How old are you?) | Ano ang edad mo?
(How old are you?) | Ano ang edad mo ngayon?
(How old are you now?) |
| b. place of origin | Taga-saan ka?
(Where are you from?) | Saan ka nakatira?
(Where do you live?) | Saan ka nakatira sa Amerika?
(Where do you live/stay in America?) |
| c. marital status | May asawa ka na?
(Are you married?) | Wala ka pang asawa?
(You're not married yet?) | Binata/Dalaga ka pa?
(Are you still single?) |

6()

61

d. occupation	Ano'ng trabaho mo? (What's your job? or What do you do?)	Anong trabaho mo dito? (What's your job here? or (What do you do here?)	Anong trabaho mo sa (office)? (What's your job here in _____? or (What do you do in _____?)
		Saan ka nagtatrabaho? (Where do you work?)	Saan ang opisina ng (<u>host country</u> agency)? (Where is the _____ office?)
			Anong ginagawa mo rito sa Pilipinas? (What are you doing here in the Philippines?/What do you do here in the Philippines?)
e. family	Nasaan ang pamilya mo? (Where is your family?)	Nasaan ang pamilya mo ngayon? (Where is your family at present?)	May anak ka na ba? (Do you have children?)
		Nasaan ang nanay at tatay mo? (Where is your mother and father?)	Ilan ang anak mo? (How many children do you have?)
		Nasaan ang kapatid mo? (Where are your brothers and sisters?)	
		Ilan ang mga kapatid mo? (How many are you in the family?)	
		*Referring to the number of siblings only.	
		Anong trabaho ng nanay/tatay mo? (What does your mother/father do?)	
		Ilang taon na ang tatay/nanay mo? (How old is your mother/father?)	

4. To respond to questions on personal information

a. place of origin Taga (place) ako.
(I am from _____)

Taga (place) ako, sa (specific location).
(I am from _____ in _____.) Nakatira ako sa (place) malapit
(popular landmark).
(I live in _____ near _____.)

Nakatira ako sa (place).
(I live in/at _____.)

b. age (age).

(age) anyos na ako.
(I am _____ years old.)

Bata pa ako. (age) lang.
(I'm still young. Only _____.)

Matanda na ako. (age) na ako.
(I'm an old man/woman. I'm already
_____.)

c. marital status Wala.
(No.)

Wala pa. Binata/Dalaga pa ko.
(No, I'm still single.)

Wala pa. Bata pa naman ako.
(No, I'm still young, anyway.)

Wala pa.
(Not yet.)

Wala pa. Bata pa ako.
(No, I'm still young.)

Oo.
(Yes.)

Oo, may asawa na ako.
(Yes, I'm already married.)

Oo (no. of children) na ang anak ko.
(Yes, I already have _____ kids.)

Oo, (no. of children) na nga ang
anak ko.
(Yes, in fact, I already have _____
kids.)

d. occupation (job title) ako.
(I am a _____.)

(job title) ang trabaho ko dito.
(I work as a _____ here.)

Nagtatrabaho ako sa (office) bilang
isang (job title).
(I work for _____ as a
_____.)

64

e. family Nasa (place).
(In _____.)

Nasa (place) ang pamilya ko.
(My family is in _____.)

Wala pa.
(No, I don't have.)

Nasa (place) ang tatay at nanay ko.
(My father and mother are in _____.)

65

Meron na.
(Yes, I have
in _____.)

Nasa (place) ang mga kapatid ko.
(My brother(s) and/or sister(s) is/are
_____.)

Nasa (place) ang (no. of sibling) at
nasa (place) naman ang (no. of
sibling(s)).

(_____ is/are in _____
while _____ is/are in
_____.)

(no. of siblings)
*Excluding PCV

Dalawa. Isang lalaki at isang babae.
(I have two. One boy and a girl.)

Nasa (place) si/sina (name/s of
siblings) at nasa (place) naman si/sina
(name/s of siblings).
(_____ is/are in _____
while _____ is/are in
_____.)

(job title) ang nanay/tatay ko.
(My mother/father is a/an _____.)

(age) anyos na ang tatay/nanay ko.
(My father/mother is already
_____ years old.)

(no. of siblings) ang (mga) kapatid
(I have _____ brother(s) and
_____ sister(s).)

(number) (ng) na lalakit at
(ng) na babae.
(I have _____ brother(s) and/or
_____ sister(s).)

(no. of children) kaming lahat.
(There are _____ of us
(children) in the family.)

(job title) ang trabaho ng tatay/nanay ko.
(My father/mother works as a _____.)

Bata pa ang mga magulang ko.
(My parents are still young.)

Matanda na ang mga magulang ko.
(My parents are already old.)

(no.) ang kapatid kong lalaki at (no.)
ang kapatid kong babae.
(I have _____ brother(s) and
_____ sister(s).)

(no. of children) kaming
magkakapatid.
(There are _____ of us
(children) in the family.)

Task 1.3 Explaining PCV assignment in casual conversation

1. To ask what work someone does/will do

Anong trabaho mo?
(What's your job?)

Anong trabaho mo dito?
(What's your job here?)

Anong ginagawa mo dito sa
(site)?
(What do you do here in the
_____?)

Saan ka nagtrabaho dito?
(Where are you working here?)

Anong gagawin mo dito?
(What will you do here?)

2. To describe work in terms of employer/affiliation

Peace Corps boluntir ako.
(I am a Peace Corps Volunteer.)

Nagtrabaho ako sa Department of
_____.
(I'm working for the Department
of _____.)

Extension worker ako.
(I'm an extension worker.)

Magtrabaho ako sa Department
_____ ng dalawang taon.
(I'll be working for the Department
of _____ for two years.)

3. To ask more information about someone's work

Anong trabaho mo sa (Host Country Agency)?
(What's your job at _____?)

Anong klaseng trabaho ang ginagawa/
gagawin mo dito?
(What type of job are you doing/
will do here?)

Anong klaseng trabaho ang ginagawa/
gagawin mo dito sa site?
(What type of job are you doing/
will do here in the _____?)

4. To state more information about one's work

Tutulong ako sa mga tao dito.
(I will be helping the people here.)

magsasaka
(farmers)

Magtatrabaho ako sa (Host Country Agency) bilang isang (job title) at tutulong kami sa mga tao/
magsasaka/mangingisda/titser.
(I'll be working as a/an job title for Agency and we will help the people/farmers/fishermen/teachers.)

Magtatrabaho ako dito sa (Host Country Agency) ng dalawang taon,
at tutulong kami sa mga tao/
magsasaka/mangingisda/
ng barangay/eskwelahan ito.
(I'll be working for the Agency for two years and we will help the people/farmers/fishermen/
teachers of this barangay/school.)

Task 1.4 Meeting the Host Family for the first time

1. To greet

Magandang umaga po.
(Good morning.)

Kumusta po kayo?
(How are you, sir/ma'am?)

2. To respond to greetings

Magandang umaga rin naman.
(Good morning to you, too.)

Mabuti naman.
(Fine.)

Mabuti naman kami dito.
(We're fine/okay here.)

3. To introduce oneself

Ako po si (name).
(I am _____.)

(place of origin) po ako.
(I am from _____.)

(name) ang buong pangalan ko.
(My (complete) name is _____.)

(place of origin) po ako sa (location).
(I'm from _____ in _____.)

4. To express appreciation to HF for hosting PCV	Mabuti po at tumanggap kayo ng Amerikano. (I'm glad you agreed to host an American.)	Mabuti naman po at tumanggap kayo ng Amerikano dito sa inyo. (I'm glad/It's good you agreed to host an American in your home.)
5. To ask about family's condition	Kumusta (po) naman ang buhay dito? (How's life here?)	Kumusta po naman ang buhay dito sa (barangay)? (How's life here in _____?)
		Kumusta (po) naman ang mga _____ dito? tanim (plants grown)
		Kumusta (po) naman ang mga _____ ngayong panahong ito? (How's _____ going these days? or How's _____ going during this time of the year?)
		huling isda (fishes caught)
		Kumusta po naman ang pagtatanim / pangingisa? (How's the planting/fishing going?)
6. To tell something about family's condition	Okey/Ayos lang. (Just okay/fine.)	Ayos lang masaya naman kami dito. (Just fine, we're quite happy here.)
		Sa awa ng Diyos, nakakaraos pa naman kahit papano. (Through God's mercy, we survive somehow.)
		Maganda naman ang huling ani namin. (Our last harvest was good.)
		Araw-araw marami kaming huling isda. (We always have a good catch everyday.)

Minsan maganda ang anî, minsan hindi.
(Sometimes we have a good harvest, other times nothing at all.)

7. To show PCV around the house

Ito ang (part of the house).

kuwarto mo.
(your room)

kusina
(kitchen)

banyo
(bathroom/toilet)

kubeta
(toilet)

(This is your room/kitchen/bathroom/toilet.)

Halika ito ang (part of the house).
(Come (here), this is _____.)

Nasa _____ ang (part of the house).

kanan
(right)

kaliwa
(left)

likod
(back)

(The part _____ is on/at the right/left/back.)

8. To ask for location of (part of the house)

Nasaan ang (part of the house)?
(Where is the _____?)

Nasaan ang _____ dito?
(Where is the _____ here?)

Nasaan ang _____ ninyo dito?
(Where is your _____ here?)

9. To encourage someone to rest

Magpahinga ka muna.
(You rest first.)

Gusto mo bang magpahinga muna?
(Would you like to rest for a while?)

Magpahinga ka muna sa kuwarto
mo bago tayo kumain.
((You) get some rest first, before we eat.)

10. To excuse oneself Sige po. Maiwan ko muna kayo.
(Excuse me, I will leave you here for a while.)
- Excuse me po. Magpahinga muna ako.
(Please excuse me, I'm going to rest first.)
- Excuse me (po). Pupunta muna ako sa kuwarto ko.
(Excuse me, I'll go to my room for a while.)

Task 1.5 Making small talk about personal information

1. To ask questions on personal information

a. Travel	Kumusta ang biyahe mo? (How was your trip?)	Ilang oras ang biyahe mula sa Amerika? (How long was the travel from the States?)	Nakakapagod ba ang biyahe ninyo? (Did your trip make you tired?)
b. Length of stay in the Philippines	Matagal ka na ba dito? (Have you been here long?)	Gaano katagal ka na dito? (How long have you been here?)	Kailan ka pa dumating dito sa Pilipinas? (When did you arrive here in the Philippines?)
c. Language learned	Nag-aral ka ba ng Tagalog? (Did you study Tagalog?)	Saan ka nag-aral ng Tagalog? (Where did you study Tagalog?)	Sino ang nagturo sa iyo? (Who taught you Tagalog?)
	Marunong ka ba ng Tagalog? (Can you speak in Tagalog?)	Nakakaintindi ka ba ng Tagalog? or Naiintindihan mo ba ang Tagalog? (Can you understand Tagalog?)	Marunong ka bang magsalita ng Tagalog? (Can you speak in Tagalog?)
	Marunong ka bang mag-Tagalog? (Can you speak in Tagalog?)	Marunong ka na bang mag-Tagalog? (Can you now speak Tagalog?)	Marami ka na bang alam sa Tagalog? (Do you know much Tagalog now?)

75

76

d. Residence	Saan ka nakatira? (Where do you live/stay?)	Saan ka nakatira dito sa (barangay)? (Where do you live/stay here in _____?)	Anong pangalan ng pamilyang tinitirhan mo? (What is the name of the family you're staying with?)
	Saan ka titira? (Where will you live/stay?)	Saan ka titira dito sa (barangay)? (Where will you live/stay here in _____?)	
e. Educational Attainment	Anong natapos mo? or Anong tinaplos mo? (What course did you finish (in college)?)	Ano ang kursong tinaplos/natapos mo? Anong pinag-aralan mo sa kolehiyo? (What course did you finish (in college)?) (What did you study in college?)	
	Anong kurso mo? (What course did you study (in college)?)		
	Anong "major" mo? (What course did you major in (in college)?) Anong "major" mo sa college? (What course did you major in (in college)?)	Anong "minajor" mo? (What course did you major in (in college)?)	
f. Place of origin (Temperature/ Climate)	Malamig ba doon? (Is it cold there?) Malamig ba doon sa (state)? (Is it cold (there) in _____?)	Umiinit din ba doon? (Does it also get hot there?) Ano ang panahon ngayon sa Amerika? Anong panahon ngayon doon sa inyo? (What is the season now in the States?) (What is the season now in your place?)	75

2 To respond to questions on personal information

a. Travel	Mabuti. (Fine.)	Mabuti naman. (It was just fine.)
	Ayos lang. (It was just fine.)	Nakakapagod. (It was tiring.)

	(number)-ng/na oras. (_____ hour/s.)	(number)-ng/na oras ang biyahe. (The trip took _____ hour/s.)	(number)-ng/na oras ang biyahe mula (<u>training/conference site</u>). (It's _____ hour/s travel from _____.)
b. Length of stay in the Philippines	Hindi. (number) ng/na araw/linggo/buwan pa lang. (No, I've been here for only _____ days/weeks/months.)	(number) ng/na araw/linggo/buwan pa lang ako dito. (No. I've been here for only _____ days/weeks/months.)	Kararating ko lang noong (date). (No, I just arrived last _____.)
c. Language learned	Oo, nag-aral ako. (Yes. I studied.)	Oo, nag-aral ako ng Tagalog. (Yes. I studied Tagalog.)	Dumating ako dito noong (date). (I arrived here last _____.)
	Sa (<u>training site</u>). (In/at _____.)	Nag-aral ako ng Tagalog sa (<u>training site</u>). (I studied Tagalog in/at _____.)	Oo, nag-aaral ako ng konting Tagalog. (Yes, I studied a little Tagalog.)
	Si/Sina (name) _____. ang (mga) titser ko. (_____, _____ is/are my Language Instructors.)	Si/Sina (name), _____ ang mga titser ko sa (<u>training site</u>). (_____, _____ is/are my Language Instructors in _____.)	Oo, marunong ako. (Yes, I can speak Tagalog.)
	Oo, marunong ako. (Yes, I can speak Tagalog.)	Oo, marunong ako sa Tagalog. (Yes, I can speak Tagalog.)	Oo, marunong akong magsalita ng Tagalog. (Yes, I can speak Tagalog.)
	Oo, konti lang. (Yes, but only a little.)	Oo, pero konti lang. (Yes, but only a little.)	

Oo, nakakaintindi ako. or
Oo, naiintindi han ko.
(Yes, I can understand. or
Yes, I understand.)

Oo, marunong akong mag-Tagalog.
(Yes, I can speak Tagalog.)

d. Residence
Sa (address).
(In/At _____)
Dito sa (name of town/barangay).
Diyar.
(Here in/at _____ there.)

Nakatira ako sa (address).
(I live in/at _____)
Titira ako sa (address).
(I will live in/at _____)

Doon/Dun.
(Over there.)

e. Educational Attainment
(course/degree)

(course/degree) ang tinapos/natapos ko.
(I finished _____.)

(course/degree) ang kursong tinapos/natapos ko.
(I finished a (degree in) _____.)

(course majored in).

(course majored in) ang major ko.
(_____ is my major.)

(_____) ang "major/minor" ko sa
"college".
(I majored in _____ at college.)

f. Place of
(temperature/
Climate)
Oo, malamig doon.
(Yes. It's cold there.)
Oo, malamig doon sa (state).
(Yes, it's cold (there) in _____.)
(season) ngayon.
(It's _____ now.)

Oo, umiinit din doon.
(Yes, it also gets hot there.)

Oo, malamig na malamig doon.
(Yes, it's very cold there.)

(season) ngayon sa Amerika.
(It's _____ now in the States.)

(season) ngayon doon sa amin.
(It's _____ now in our place.)

(season) ang panahon ngayon sa
amin.
(It's _____ now in our place.)

Task 1.6 Informing Host Family about intention of stepping out

1. To express one's intention to leave

Aalis muna (po) ako.
(I'm going out for a while.)

May pupuntahan (po) ako.
(I'm going somewhere.)

May pupuntahan ako ngayong umaga.
(I'm going somewhere this morning.)
ngayong hapon
(this afternoon)

May lakad (po) ako.
(I am going somewhere.)

ngayong gabi
(tonight)

2. To ask where one is going

Saan?
(Where?)

Pasaan ka?
(Where are you going?)

Saan ang punta mo?
(Where are you going?)

Saan ka pupunta?
(Where are you going?)

3. To state where one is going

Sa (destination).
(To _____.)

Diyan lang.
(Just there.)

Diyan lang sa labas.
(Just outside.)

Pupunta lang ako sa (destination).
(I'm just going to _____.)

Pupunta ako sa bahay ni (name of person).
(I'm going to _____'s house.)

Pupuntahan ko si (name of person).
(I'm going to see _____.)

4. To ask about one's purpose for leaving	Anong gagawin mo doon? (What are you going to do?)	Anong gagawin mo sa <u>(destination)</u> ? (What will you do in _____?)	Bakit kailangang pumunta ka doon? (Why do you need to go there?)
		Bakit ka pupunta doon? (Why are you going there?)	

Task 1.7 Explaining PCV project assignment to the local community

1. To ask about PCV's project	Ano ang proyekto mo? (What is your project?)	Anong proyekto ang gagawin mo? (What kind/type of project will you be doing?)	Ano ang pinaplanong gawin? (What do you plan to do?)
	Ano ang plano mo? (What is your plan?)	Ano ang pinaplanong gawin? (What do you plan to do?)	Ano ang pinaplanong proyekto sa "site" mo? (What project do you plan to do at your site?)
2. To state name of project and/or plans	<u>(name of project)</u>	<u>(name of project)</u> ang proyekto ko. (My project is on _____.)	

	Gagawa ako ng (project). (I will be making a _____.)	Gusto kong gumawa ng (project). (I would like to make a _____.)
	Tungkol sa (name of project) ang proyekto ko. (My project is on _____.)	Plano kong gumawang (project). (I plan to make a _____.)
3. To ask how project will address needs of the community	Para saan 'yan/'yon? (What's that (project) for?)	Ano ang maitutulong niyan/niyon? (How can that be of help? or What help can that give?)
4. To state how project will address needs of the community	Dagdag ito sa kinikita nila. (This is additional income to them.)	Ano ang maitutulong niyan/niyon sa mga tao? (What help can that give to the people?)
		Paano iyan makakatulong sa mga tao? (How can that be of help to the people?)
	Mas maganda ang anî para sa mga magsasaka. (The farmers will have a better harvest.)	Dagdag ito sa kinikita nila sa araw- araw. (This will add to their daily income.)
	Mas maraming huli (ng isda) para sa mga mangiridisda. (The fishermen will have a bigger catch.)	

5. To ask about PCV's role in the project	Ano ang gagawin mo sa (<u>name of project</u>)? (What is your responsibility in the _____?)	Ano ang magiging trabaho mo sa ito/iyon? (What is your role/task in this/that project?)
6. To state PCV's role in the project	Tutulong ako sa mga magsasaka/mangingisda. (I will be helping the farmers/fishermen.)	Magtatanim kami ng (<u>seed/s</u>). (We will be planting _____.)

Gagawa kami ng (<u>e.g. artificial reef</u>). (We will be making a _____.)	Makikipaglulungan ako sa mga magsasaka/mangingisda dito. (I will be working with the farmers/fishermen here.)
	Tutulong akong maghanap ng (<u>e.g., books, funds</u>). (I will help look for/find _____.)

TOPIC **SOCIALIZING**
Task 1.8 **Expressing humor**

Competencies	Basic	Intermediate	Advanced
1. To tell a joke	May "joke" ako. (I have a joke.)	May alam akong magandang "joke". (I know of a good joke.)	May alam akong nakakatawang "joke". (I know of a funny joke.)
	A. Ano sa "Japanese" ang <u>pangit</u> ? (What's ugly in Japanese?)		
	B. Ano? (What?)		
	A. Kamukha-mo! (Literally: Looks like you! - spoken with a Japanese accent.)		
2. To respond to a joke	Ano yon? (What is it?)	Sige nga. Ano yon? (Okay, let's hear it.)	
	Ay kornil! (Oh! It's corny.)	Hindi naman nakakatawa e. (It's not funny.)	
	Ngee! (Ugh!)	Anong nakakatawa doon? (What's funny?)	
	Okey a! (That one's good!)	Okey ang joke mo a! (Your joke is a good one!)	92

91

Topic: Language to Manage Learning
Task: Identifying language to be used in communication

Competencies	Basic	Intermediate	Advanced
1. To state level of ability	Hindi ako marunong mag-Tagalog. (I don't know how to speak Tagalog.)	Hindi ako masyadong marunong mag-Tagalog. (I don't speak Tagalog very well.)	Konti lang ang alam kong salita. (I know just a few words.)
	Marunong ako ng Tagalog. (I know how to speak Tagalog.)	Marunong ako pero konti lang. (I know but just a little bit.)	Konti lang ang alam ko. (I know just a little.)
2. To state level of ability to understand target language	Maintindihan kong konti. (I can understand just a little.)	Konti lang ang naintindihan ko. (I can understand just a little.)	Hindi ko masyadong maiintindihan. (I don't understand (TL) very well.)

Task 2.2. Making requests about manner of speech

1. To ask someone to repeat

Paki-ulit. (Please repeat.)	Paki-ulit (mo) nga. (Please repeat.)	Paki-ulit mo nga ang sinabi mo. (Please repeat what you just said.)
Ano? (What?)	Anong sabi/sinabi mo? (What did you say?)	

2. To ask someone to pause/stop speaking for a moment
- | | |
|---|--|
| Sandali (lang)/Sandali (n:una).
(Wait a minute.) | Teka, dahani-dahan lang.
(Wait, slow down. (please).) |
| Teka (lang) /Teka (muna).
(Wait a minute.) | |
| Dahan-dahan.
(Slowly please.) | |

Task 2.3 Eliciting Meanings in TL

- | | | |
|---|---|---|
| 1. To ask for meaning
(Definition/
Explanation) | Ano ang (<u>English word</u>)?
(What is _____?) | Ano ang ibig sabihin ng (<u>English word</u>)?
(What does _____ mean?)

Anong ibig mong sabihin?
(What do you mean?/What are you saying?) |
| 2. To state meaning
(Definition/
explanation) | (<u>Meaning</u>) | Ang ibig kong sabihin
(What I mean is) |
| 3. To ask how to say something in TL | Ano sa Tagalog ang (<u>English word</u>).
(What is _____ in Tagalog?/
How do you say _____ in Tagalog?) | Paano ko sasabihin ang (<u>English word</u>)
Tagalog?
(How do you say _____ in Tagalog?) |
| 4. To state how to say something in TL | (<u>Tagalog word</u>) | (<u>Tagalog word</u>) ang (<u>English</u>) sa Tagalog.
(_____ is _____ in Tagalog.)

(<u>Tagalog word</u>) ito sa Tagalog.
(It's _____ in Tagalog.) |

5. To ask appropriateness of certain expressions in given situations	Tama (ba)? (Is it correct?)	Tama ba ang sinabi ko? (Did I say it right?)	Paano ko sasabihin ito sa Tagalog? (How do I say this in Tagalog?/ How will I say this in Tagalog?)
		Tama ba ang Tagalog ko? (Is my Tagalog correct?)	Ano ang dapat kong sabihin? (What should I say?)

Task 2.4 Ensuring communication is clear

1. To state lack of understanding	Hindi ko maiintindihan. (I don't understand.)	Hindi ko naiintindihan ang sinasabi mo. (I don't understand what you're saying.)	Hindi ko alam ang ibig mong sabihin. (I don't understand what you're saying.)
	Hindi ko maiintindihan. (I can't understand.)	Di kita maintindihan. (I can't understand you.)	
2. To state confusion	Nalilito ako. (I'm confused.)	Naguguluhan ako. (I'm confused.)	Naguguluhan ako sa sinasabi mo. (I'm confused with what you're saying.)
	Ang gulo mo! (You're confusing me.)	Naguguluhan ako sa iyo. (You're making me confused.)	
3. To confirm understanding	Naiintindihan ko. (I understand.)	Naiintindihan (na) kita. (I understand you (now).)	Naiintindihan ko (na) ang sinabi mo. (I understand what you're saying (now).)

TOPIC FOOD
Task 3.1 Finding out about (new) food

Competencies	Basic	Intermediate	Advanced
1. To ask name of food	Ano <u>ito</u> /iyan/iyon? (What's this/that/that?)	Anong tawag <u>dito</u> /diyan/doon? (What do you call this/that/that?)	Anong pangalan nito/niyan/noon? (What's this/that/that called?)
2. To state name of food	(Name of food) · (Name of food) <u>ito</u> /iyan/iyon. (It's/That's _____)	(Name of food) ang tawag dito/diyan/doon. (It's/That's called, _____.)	
3. To ask about taste of food	Ano'ng lasa? (What's the taste?)	Ano'ng lasa nito/niyan/niyon? (What does it/that taste like?)	
4. To describe taste of food	(taste adj.) <u>ito</u> /iyan/iyon. (It's _____.) matamis (sweet) maalat. (salty) maasim (sour) maanghang (spicy) matabang (bland)	Anong lasa ng (food)? (What's the taste of _____?)	

5.	To ask how food is prepared	Paano ito niluluto? (How is this cooked?)	Paano mo ito niluluto? (How do you cook this?)
6.	To describe how food is prepared		
a.	Method	Prito. (Deep-fried)	Piniprito. (It's deep-fried.)
	Laga. (Boiled.)	Nilalaga. (It's boiled.)	
b.	Temperature		Mas masarap kung mainit. (It's better if it's served hot.)
c.	Form	Hitaw lang. (Raw.)	Niluluto ang (food). (The _____ is cooked.)
			Niluluto ito. (It's cooked.)
d.	Consistency	Mamantika. (It's oily/greasy.)	
		Masarsa. (It has plenty of sauce.)	
		Masabaw. (It is soupy.)	
		Tuyo./Walang sabaw. (Dry./There's no broth.)	
e.	Parts	May taba at laman. (There's meat and fat.)	
		Buto-buto. (Bones/Joints.)	

f. Ingredients May (ingredient(s)).
 (There's _____.)

May halong (ingredient).
 (_____is added.)

Gawa sa (name of ingredient).
 (It's made of _____.)

Task 3.2 Finding out how to eat (new) food

- | | | |
|--|---|---|
| 1. To ask manner of eating food | Paano ito/kainin?
iyon/iyan
(How do you eat this/that?) | Paano mo ito kinakain?
(How do you eat this/that?) |
| 2. To describe/explain manner of eating food | Hiwain (mo).
(Cut it.) | Hinihiwa ito.
(It's cut (in pieces).) |
| | Balatan (mo).
(Peel it.) | Binalatan ito.
(You peel it (the skin) off.) |
| | | Alisin mo ang buto.
(Remove the seed.) |

Task 3.3. Offering/responding to an offer of (new) food

- | | | |
|---|------------------------------------|--|
| 1. To offer food | Kuha ka.
(Get some./Have some.) | Kumuha ka (pa).
(Get/Have some (more).) |
| | Kuha pa.
(Have some more.) | Tikman mo ito.
(Taste this/Try it.) |
| 2. To respond to offer of food by accepting | Sige.
(Okay.) | |
| | Salamat.
(Thank you.) | |

3.	To respond to offer of food by refusing	Salamat na lang. (No, Thank you.) Mamaya na (lang). (Later on, thanks.) Ayoko. *(very informal) (I don't like.)	Sige, busog pa ako. (Thanks, I'm still full.) Hindi na po. *formal (No more, thanks.)	Huwag na lang, busog pa ako. (Don't bother, I'm still full.)
4.	To state reason for refusal	Busog ako. (I'm full.) Bawal, e. (It's not good (for me).)	Kakakain ko lang. (I've just eaten.) Katatapos ko lang. (I've just finished eating.) Bawal sa akin, e. (It's not good for me.)	Hindi ako kumakain ng <u>(name of food)</u> . (I don't eat _____.)
5.	To encourage/insist that someone try food offered	Kuha pa. (Have/Get some more.) Kain pa. (Eat some more.) Kain na. (C'mon, eat.)	Kumuha pa. (Have/get some more.) Kumain ka pa. (Eat some more.) Huwag kang mahiya. (Don't be shy (to get some more).)	Ang konti naman ng kinuha mo. (You didn't get/have enough.)

Task 3.5 Preparing food

1.	To ask about need for food	Gutom ka (ba)? (Are you hungry?) Nauuhaw ka (ba)? (Are you thirsty?)	Gusto mo bang kumain/uminom? (Would you like (something) to eat/drink?) Gusto mo ba ng inumin? (Would you care for something to drink?)	Ano'ng gusto mong kainin/inumin? (What would you like to eat/to drink?)
----	----------------------------	---	--	--

2. To state need for food/drink	Gutom ako. (I'm hungry.)	Nagugutom ako. (I'm hungry/I feel hungry.)	Gusto kong kumain/umiinom ng (name of food). (I'd like to eat/drink _____.)
	Nauuhaw ako. (I'm thirsty.)	Gusto ko ng (<u>name of food</u>). (I like/want _____)	Gusto kong kumain/umiinom. (I want to eat/drink.)
3. To ask about ingredients	Ano'ng meron 'to? (What's in it?)	Ano ang rekado/sahog nito? (What are the ingredients of this?)	Nilagyan mo ba ito ng (<u>name of ingredient</u>)? (Did you put _____ in it?)

Ano'ng ginamit mo dito?
(What did you use to make this?)

Meron ba itong (name of ingredients)?
(Does this have _____?)

TOPIC SHOPPING
Task 4.1 Locating sources of needed items

Competencies	Basic	Intermediate	Advanced
1. To ask source of needed item	Saan may (<u>needed item</u>)? (Where can one find _____?) May (<u>needed item</u>) ba sa (<u>place</u>)? (Is there _____ in _____?) Saan merong (<u>needed item</u>)? (Where can one find _____?)	Saan pwedeng bumili ng (<u>needed item</u>)? (Where can I buy _____?) Saan nakakabili ng (<u>needed item</u>)? (Where can one buy _____?) Saan ang bilihang (<u>needed item</u>)? (Where can one buy _____?) May tindahan ba ng (<u>needed item</u>) dito? (Is there a store (here) which sells _____?)	Saan kaya pwedeng bumili ng (<u>needed item</u>)? (Where can I buy _____?) Saan kaya ako makakabili ng (<u>needed item</u>)? (Where can I buy _____?)
2. To state source of needed item	Dito/Diyan/Doon lang. (Just here/there/there.) Siguro sa (<u>name of source</u>). (Maybe at/in _____) Baka sa (<u>name of source</u>). (Maybe in/at _____) Sa banda diyan. (Towards that direction.)	Subukan mo sa (<u>name of source</u>). (Try at _____.) Baka meron diyan sa (<u>name of source</u>). (There might be (some) in/at _____.)	Subukan mo sa (<u>name of source</u>) at baka meron. (Try at/in _____ and you may find some.)

Task 4.2 Selecting items

- 104
1. To ask what item is needed Anong hanap mo/ninyo?
(What are you looking for?) or
(Can I help you?)
- Anong hanap ninyo, Misis/Mister?
(What are you looking for, Mrs./Mr.?)

	Ano'ng kailangan mo/ninyo? (What do you need?)	Ano po ang gusto/kailangan ninyo, Misis/Mister? (What do you want/need, Mrs./Mr.?)
	Ano'ng gusto mo/ninyo? (What do you want?)	
2. To state what item is needed	Pabili ng (<u>needed item</u>). (Let me buy some _____.)	Patingin nga ng (<u>item</u>) ninyo. (Let me see your _____.)
3. To ask preferences about needed items	Ano'ng <u>kulay/sukat</u> ? (What color/what size?)	Ano'ng <u>kulay</u> ang gusto mo? (What color do you like?)
4. To state preferences about needed items	<u>(Color/Size/etc.)</u>	Gusto ko ng (<u>color/size/etc.</u>) (I like _____.)
	May (<u>color/size</u>)? (Is there _____? Do you have _____?)	Meron bang (<u>color/size</u>)? (Do you have _____?)
5. To ask where an item is located within a market area or store	Saan ang (<u>location</u>)? (Where's the _____?)	Saan ba dito ang (<u>location</u>)? (Where's the _____ here?)
6. To give directions within a market area or within a store	Katabi ng (<u>location</u>). (Beside (the) _____.)	Doon sa (<u>location</u>), katabi ng (<u>location</u>) (There in/at _____ beside the _____.)
	Sa (<u>location</u>). (In/At _____.)	

Task 4.3 Determining price

1. To ask price	Magkano? (How much?)	Magkano ang (quantity) ng (item)? (How much is _____ of _____?)	Magkano ang halaga/presyo ng (item)? (How much is the price of _____?)
	Magkano ito/iyan/iyon? (How much is this/that/that?)		
2. To state price	(P _____) pesos. (_____ pesos.)	(P _____) pesos ang (quantity). (_____ is _____ pesos.)	Para (po) sa inyo, P _____ pesos na lang. (For you, just _____ pesos.)
	(P _____) pesos lang. (Only _____ pesos.)	P _____ pesos lang. (Only/Just _____ pesos.)	Ibibigay ko na lang sa inyo ng P _____ pesos. (I'll just give it to you for P _____ pesos.)
3. To complain about the price	Ang mahal (naman)! (It's expensive!)	Naku, ang mahal naman! (It's too expensive!)	Ang mahal-mahal naman ng tinda mo! (Your goods are too expensive!)
4. To negotiate a bargain	Walang tawad?/Wala bang tawad? (Is there no discount?)	Pwedeng tumawad? (Can I get a discount?)	Wala ho bang bawas iyan? (Is there no discount?)
	Wala bang bawas? (Is there no discount?)	Tapat na ba iyan? (Is the price fixed?)	Sige na, (P _____) pesos na lang para dito. (C'mon just _____ pesos for this (one).)
	Tawad naman, o? (A discount, please?)		
	P _____ na lang, pwede? (Is P _____ alright?)		
5. To insist on original price	Tapat na iyan. (That's the fixed price.)	Hindi na pwedeng bawasan iyan. (The price can't be reduced further./ I can't reduce the price for that anymore.)	Wala nang bawas iyan, lugi naman ako. (There's no discount - there won't be any profit left.)

6. To agree to a price	Sige na nga/lang. (Alright.)	Sige, buena mano lang. (Alright, since you're my first customer anyway.)	Kung hindi mo babawasan, di na lang ako bibili. (If you won't reduce the price, I won't buy it anymore.)
	Sige, (P ____). (Okay, ____ pesos.)	Sige, basta - ikaw! (Okay, just for you.)	Titingin muna ako sa iba. (I'll go around first.)
7. To disagree with price (and not make purchase)	Mahal! Di bale na lang. (It's expensive! Never mind/ Don't bother.) Huwag na lang. (Never mind/Don't bother.)	Ang mahal, hindi bale na lang! (It's so expensive, never mind/ don't bother.)	
8. To ask for change (if purchase is made)	Sukli ko? (My change.)	Ang sukli ko ho? (My change, please.)	Miss, may sukli pa ako sa P ____. (Miss, I still have some change from the ____.)
9. To identify incorrect change and ask for correct amount	Kulang ito. (It's not enough.)	Kulang po ang sukli ninyo. (You didn't give me enough change.)	Kulang po ang ibinigay ninyong sukli sa akin. (You didn't give me enough change.)
10. To ask for a receipt	Resibo ho? (The receipt, please?)	Pahingi ng resibo, ha? (Let me have a receipt, please?)	Bigyan mo ako ng resibo, pwede? (Can you (please) give me a receipt?)
	Yung resibo? (Where is the receipt?)	Pwedeng humingi ng resibo? (Can I have a receipt?)	Pakibigyan mo nga ako ng resibo. (Please, give me a receipt.)
11. To give a receipt	Heto/Eto, o. (Here it is.)	Eto ang resibo mo/ninyo. (Here is your receipt.)	Eto ang resibo ninyo sa pinamili ninyo. (Here's your receipt for the goods you've bought.)

TOPIC: TRANSPORTATION
Task 5.1 Taking local transportation

Competencies		Basic	Intermediate	Advanced
1. To state desired local destination	Sa (<u>desired destination</u>). (To _____.)	Gusto kong pumunta sa (<u>desired destination</u>). (I would like to go to _____.)		
2. To ask best type of transportation	Ano'ng sasakyan ko? (What (means of) transportation will I take?)	Ano ang mabuting/magaling sakyang pa (<u>desired destination</u>). (What's the best (means of) transportation to get to _____?)	Pwede bang lakarin mula rito ang (<u>desired destination</u>). (Could one walk to _____ from here?)	
3. To state best type of transportation	(<u>Means of transportation</u>)	Sumakay ka ng (<u>means of transportation</u>). -	Walang dyip doon. Kailangang mag- <u>(means of transportation)</u> ka. (There are no jeepneys there. You need to take a _____.)	
	Mag- <u>(means of transportation)</u> . (Take a _____.)	Sumakay ka ng (<u>means of transportation</u>). (Take a _____.)		
4. To ask location of pick up points for local transportation	Saan ako sasakay? (Where will I get a ride?)	Saan ako kukuha ng sasakyan? (Where will I get a ride?)	Saan mabuting maghintay ng sasakyan dito? (Where is the best place to wait for a ride here?)	
5. To state location if pick-up point	Saan/Nasaan ang istayon ng dyip? (Where's the <u>jeepney</u> station?)	Saan ang sakayan ng dyip dito? (Where's the jeepney stop here?)		
	Nasa <u>bayan</u> . (In town.)	Pagkalampas ng (<u>location</u>). (Right after _____.)		
	Sa may (<u>location</u>). (Near the _____.)			
6. To ask route of vehicle	Saan ito? (Where is this (<u>vehicle</u>) going?/ Where does this vehicle pass?)	Saan ito dumadaan? (Where does this vehicle pass?)	Dadaan ba ito sa may (<u>name of place</u>)? (Will this pass by/through _____?)	

		Anong dinadaanan nito? (What route does this vehicle take?)
7. To state route of vehicle	Sa (<u>route/direction</u>). (In/At/Through _____)	Hindi ito dadaan sa (<u>route/direction</u>). (This won't pass through _____.)
8. To state destination if not already stated	Sa (<u>destination</u>) ako. (In/At _____)	Sa (<u>destination</u>) ho ako bababa? (I'll get off at _____.)
9. To ask fare	Magkano? (How much?)	Magkano hanggang (<u>destination</u>)? (How much is it up to _____?)
10. To state fare	P _____.	Magkano ang parnasahé? (How much is the fare?) P _____ bawat isa. (P _____ each.) P _____ hanggang (<u>destination</u>). (P _____ up to _____.)
11. To ask for change back	Sukli ko? (Change, please?)	Mama, ang sukli ko ho? (My change please, Mister?)
12. To ask where to get off for a given destination	Saan ako bababa? (Where does one get off?)	Saan ang babaan sa (<u>destination</u>)? (Where does one get off in/at _____?)
13. To state where to get off for a given destination	Dito/Diyan lang. (Just here/there.) Sa kanto. (At the corner.)	Dito na ako. (Here.) Sa tabi lang. (Pull over) at the side.)
14. To ask the driver to stop vehicle	Para! (Stop!)	

119

120

Para diyan.
(Stop right there.)

Para sa tabi.
(Pull over at the site.)

Task 5.2 Taking a trip

- | | | |
|---|---|---|
| 1. To state destination out of town | Pa-(<u>destination</u>) ako.
(I'm going to _____.) | Gusto kong pumunta sa (<u>destination</u>).
(I'd like to go to _____.) |
| 2. To ask best type of transportation to take | Pwedeng mag-(<u>means of transportation</u>) sa (<u>destination</u>).
(Can I take a _____ to _____?) | Anong magaling/mabuting sakyang papuntang (<u>destination</u>)?
(What's the best means of transportation in going to _____?) |
| 3. To state best type of transportation to take | Barko.
(Boat/Ship.) | Kailangang mag-barko ka.
(You need to take the boat/ship.) |
| | Eroplano.
(Airplane.) | Pwede kang <u>magbarko</u> o <u>mag-eroplano</u> .
(You can take the boat or the plane.) |
| | Etc. | |
| 4. To ask location of transportation center | Saan ang <u>terminal</u> ?
(Where's the terminal?) | Saan/Nasaan ang <u>istasyon ng bus</u> ?
(Where is the bus station?) |
| 5. To state location of transportation | (*See gambits in task no. 5.1 and nos 5 and 13) | Saan/Nasaan ang <u>daungan ng barko</u> .
(Where's the port/pier?) |
| 6. To ask destination | Saan ka pupunta?
(Where are you going?) | Saan mo gustong pumunta?
(Where do you want to go?) |

122

121

7. To ask schedule of service to stated destination or length of trip	Araw-araw? (Everyday?)	Kapag walang pasok? (If it is a holiday?)	Gaano katagal ang biyahe mula rito hanggang (<u>destination</u>)? (How long is the trip from here to _____?)
		Ano'ng oras ang alis/dating ng bus? (What time does the bus leave/arrive?)	Tama ba sa oras dumating/umalis ang bus? (Does the bus arrive/leave on time?)
8. To state schedule of trip	Alas-onse. (Eleven o'clock.)	Umaalis ng (<u>time</u>). (It leaves at _____.)	Umaalis ang bus ng (<u>time</u>) at dumadating ng (<u>time</u>). (The bus leaves at _____ and arrives at _____.)
	(time).		
	Mga (<u>time</u>). (Around _____.)	Dumadating ng (<u>time</u>). (It arrives at _____.)	
9. To ask distance of trip	Ilang oras ang (<u>destination/trip</u>)? (How long is the trip?)	Ilang oras/kilometro hanggang (<u>destination</u>)? (How many hours/kilometers is it to _____?)	
	Malayo ba dito? (Is it far from here?)	Malayo ba dito yon? (Is it far from here?)	
	Gaano kalayo ang (<u>destination</u>)? (How far is _____?)		
10. To state distance of trip	Mga (number) kilometro/oras. (Around _____ kilometers/hours.)	Malayo siguro mga (number) oras/kilometro. (It's far maybe about _____ hours/kilometers.)	124

	Malapit lang. (It's just near here.)	
11. To ask if ticket is to be one way or round trip	One way? Balikan? (One way? Round trip?)	Gusto mo ba ng (type of ticket) ticket? (Would you like a _____ ticket?)
		Ano'ng gusto mong tiket, one way or round trip? (What ticket would you like, a one way or round trip ticket?)
12. To ask payment procedure (when/ who to pay)	Saan magbabayad? (Where will I pay?)	Saan ako magbabayad? (Where will I pay?)
		Kanino ako magbabayad. (Whom will I pay?)
		Kailan ako magbabayad? (When will I pay?)
13. To state payment procedure	Sa konduktor. (To the conductor.)	Sa konduktor ang bayad. (The fare is given to the conductor.)
	Dito, etc. (Here.)	Sa akin ang bayad. (Give the payment/fare to me.)
		Sa drayber ka magbayad. (Pay to the driver.)

TOPIC	HEALTH		
Task	Getting medical help		
Competencies	Basic	Intermediate	Advanced
1. To state that one is sick	Nahihilo ako. (I feel dizzy.) Nahiwa ako. (I cut myself.) Nasugatan ako. (I'm wounded.)	May sakit/sipon yata ako. (I think I'm sick./I think I have a cold.) Parang lalagnatin ako. (I think I'm coming down with a fever.)	Masama ang pakiradmal ko kasi may lagnat ako. (I'm not feeling well because I have a fever.) Masama ang pakiradmal ko. (I'm not feeling well.) Masakit ang ulo ko dahil sa sobrang puyat. (My head hurts due to lack of sleep.)
2. To state body part that hurts	Masakit ang ulo ko. (My head hurts./I have a headache.)	Sumasakit ang ulo ko. (My head hurts/I have a headache.)	Masakit ang ulo ko dahil sa sobrang puyat. (My head hurts due to lack of sleep.)
3. To state need for help	Tulungan mo ako. (Help me.)	Kailangan ko ang tulong mo. (I need your help.) Pakitulungan mo ako. (Please help me.)	Pwede mo ba akong tulungan? (Can you please help me?)
4. To state need for medical supplies/ assistance	Meron ka bang gamot? (Do you have (some) medicine?) May aspirin ka ba? (Do you have (some) aspirin?) Gusto ko ng aspirin. (I want (some) aspirin.)	Kailangan kong magpa-doktor. (I need to see a doctor.) Gusto kong magpa-ospital. (I want to go to the hospital.)	Kailangan kong uminom ng gamot. (I need to take (some) medicine.) Kailangan kong pumunta sa doktor. (I need to (go) see a doctor.)

	Kailangan ko ng aspirin. (I need (some) aspirin.)	Kailangan ko ng aspirin para sa sakit ng ulo. (I need (some) aspirin for my headache.)
5. To ask where medical help can be obtained	Saan ang botika? (Where's the drugstore?)	Saan ba may ospital dito? (Where can I find a hospital here?)
6. To state where medical help can be obtained	Sa bayan. (In town.)	Malapit ba dito ang ospital? (Is the hospital near here?)
7. To ask directions to a medical facility or service	Sa may simbahang. (Near the church.)	
8. To ask for availability of medical help/service	Saan ang bahay ng doktor? (Where's the doctor's house?)	Nandiyan ba si Dr. Reyes? (Is Dr. Reyes in?)
	Nasaan ang ospital? (Where's the hospital?)	May pasyente ba sa loob? (Is there a patient inside?)
		Pwede ba si doktor ngayon? (Is the doctor available?)

9. To state availability/inavailability of medical help/service	Nandito/Nandiyan. (He's here/inside.) Nasa loob. (Inside.) Oo/Wala pa. (Yes/Not yet.) May pasyente pa. (There's still a patient inside.)	Nasa ospital si Dr. Cruz ngayon. (Dr. Cruz is in the hospital now/today.) Walang klinika si Dr. Cruz ngayon. (Dr. Cruz has no clinic schedule today.)	Mamaya pa darating si Dr. Cruz. (Dr. Cruz is coming in later.) Hindi darating si Doktor ngayon. (The Doctor is not coming today.)
---	---	--	--

**TAGALOG - ENGLISH
GLOSSARY**

ACKNOWLEDGEMENTS

